

## **Lack of Commitment: Bakit Kailangan ng Clarity sa Team Decisions**

Okay, here's a familiar situation:

Katatapos lang ng meeting. Nag-agree ang lahat sa bagong project plan. Everyone is nodding, parang walang problema. Pero sa likod ng mga ngiti at tahimik na pag-oo, may nararamdamang kahit hindi lahat convinced.

Fast forward two weeks—may delays. May hindi ginagawa yung ibang team members. May nag-complain na hindi naman daw nila talaga gusto yung idea sa umpisa pa lang. And suddenly, everything is a mess.

Sound familiar? This is **Lack of Commitment**—ang pangatlong dysfunction ng team.

Kapag walang commitment, walang clear direction. Lahat bitin. Ang resulta? Bagal ng progress at daming sablay.

## **Ano ang Itsura ng Lack of Commitment?**

Kapag ang team mo ay hindi committed sa mga desisyon, ganito ang nangyayari:

- **Nag-revisit ng decisions:** Parang laging bumabalik sa umpisa. “Sure ba tayo dito? Pwedeng pag-isipan ulit?”
- **Nauuna ang individual priorities:** Team members do what they think is best for them, not for the group.
- **Naiiwan ang mga projects:** Walang sense of urgency.

Ang totoo? Ang mga tao ay hindi nagiging 100% invested kung hindi sila parte ng proseso ng decision-making.

## **Bakit Mahalaga ang Commitment?**

Commitment is clarity. Kapag malinaw sa lahat kung ano ang direksyon at kung bakit, magiging mas focused at mas decisive ang team.

Imagine mo ito: May bagong liveaboard trip na ide-develop ang team. Pero half of the team thinks it's

too ambitious. Walang nagsabi during the meeting, kaya tuloy-tuloy ang project. Pero since hindi lahat talaga convinced, yung implementation? Hilaw.  
Resulta? Unsuccessful launch at daming oras at resources ang nasayang.

Without commitment, there is no alignment.

## **How to Overcome Lack of Commitment**

### **1. Make Sure Everyone is Heard**

Bago gumawa ng final decision, siguraduhin na lahat ay may pagkakataong magsalita. Iba ang “feeling heard” kaysa sa “feeling forced.”

- **Ask for input:** “Ano sa tingin niyo ang potential risks?”
- **Seek concerns:** “May nakikita ba kayong problema sa plan na ‘to?”

Kapag lahat ay na-involve sa discussion, mas likely silang mag-commit kahit na hindi lahat ng suggestions nila ang nasunod.

## **2. Clarify the “Why” Behind Every Decision**

Ang tao ay nagko-commit kung naiintindihan nila ang reason behind the decision. Kapag alam nila kung bakit ginagawa ang isang bagay, mas invested sila.

- **Explain the rationale:** “We’re choosing this approach dahil ito ang pinaka-align sa client needs natin.”
- **Highlight the bigger picture:** “Kapag successful tayo dito, mas tataas ang client satisfaction at ma-improve ang reputation natin.”

Ipakita mo kung paano makakatulong ang bawat decision sa success ng buong team.

## **3. Establish Clear Action Steps**

Walang commitment kung walang clarity. Kapag tapos na ang discussion, siguraduhin na malinaw ang next steps at kung sino ang responsible sa bawat isa.

- **Summarize decisions:** “Okay, so ang napagkasunduan natin ay [decision].”
- **Assign roles:** “Alex, ikaw ang bahala sa coordination with the suppliers. Sarah, ikaw sa marketing plan.”

Kapag malinaw ang assignments, mas focused at accountable ang bawat team member.

#### **4. Encourage Commitments Out Loud**

Maganda kung verbalized ang commitments. Kapag narinig ng team na ang bawat isa ay nag-commit, mas nagiging totoo ito.

- **Ask for agreement:** “Lahat ba tayo ay committed sa plan na ‘to?”
- **Require a verbal “yes”:** “Okay, let’s hear it. Who’s all in?”

This way, alam ng lahat na hindi lang basta agree-agree ang nangyari. May investment na.

## **Signs na Gumagana na ang Commitment**

Makikita mo na ang team ay committed kapag:

- Malinaw ang direction after every meeting.
- On track ang mga projects—walang nagda-drop off.
- May ownership ang bawat team member sa kanilang tasks.

Kapag may commitment, mas mabilis ang execution at mas solid ang results.

## **Final Thoughts**

Commitment is what turns decisions into action.

Without it, stuck ang team sa indecision at pabagal-bagal na execution.

As a leader, your role is to foster an environment where everyone's voice is heard, decisions are clear, and alignment is achieved.

Kapag lahat ay on board at invested, walang atrasan. The team moves forward—together.

Tandaan: Commitment isn't just about saying "yes."  
It's about being "all in."